

COVID-19 Parenting

Pagkatuto sa pamamagitan ng laro

Milyun-milyong mga bata ang nakakaranas ng pagkagambala sa kanilang pag-aaral at madalas nakakaramdam ng pangungulila mula sa kanilang mga kaibigan. Ang mga tips na ito ay tungkol sa pagkatuto sa pamamagitan ng laro - isang bagay na masaya para sa lahat ng edad!

Mga uri ng laro

- Maraming mga iba't-ibang uri ng laro na parehong masaya at may matututunan
- Ang laro tungkol sa mga salita, numero, bagay, drama, at musika ay nagbibigay sa mga anak ng pagkakataon na i-explore at ipahayag ang kanilang sarili sa ligtas at masayang paraan



Magsabi ng mga kwento

- Magkwento tungkol sa isang istorya mula sa iyong kabataan
- Magsabi sa anak na magbahagi sa iyo ng kanilang kwento
- Sama-samang gumawa ng bagong kwento gamit ang "Noong unang panahon..." Magdadagdag ang bawat isa ng bagong pangungusap sa dulo
- I-arte ang paboritong kwento o pelikula - maaring gabayan ng matandang anak ang batang anak habang maaring natututo ng responsibilidad

Gamitin ang imahinasyon!

- Ang mga pang-araw-araw na bagay gaya ng walis, mop, o bandana ay maaring maging masayang props para sa laro
- Maglagay ng isang bagay sa gitna ng kwarto at kung sino man ang may maisip na ideya, maaring kuhanin ang bagay na ito at ipakita sa lahat kung ano ang iba pang pwedeng gawin dito
- Halimbawa, ang walis ay maaring maging kabayo o mikropono o kahit gitara pa!

Mga laro gamit ang paggalaw ng katawan


- Gumawa ng dance step sa paboritong kanta ng iyong anak. Gagawa ng dance step ang unang tao at gagayahin ng iba. Ang lahat ay magkakaroon ng pagkakataon na maging lider
- Tingnan kung sino ang makakagawa nang pinakamadaming pag-abot sa daliri sa paa - pagtalon at kandirit sa loob ng isang minuto.
- Parang salamin, kopyahin ang isa't-isa - ang ekspresyon ng mukha, paggalaw, at ginagawang tunog. Maaring magsimula bilang lider at magpalit pagkatapos. Subukang gawin na walang lider!
- Stop dance: magpatugtog o may isang kakanta, at sasayaw ang lahat. Kapag tumigil ang kanta, kailangang tumigil ang lahat. Ang huling taong natitirang sumasayaw ang magiging judge sa susunod na round
- Animal dance: Katulad ng ginawa sa itaas pero kapag tumigil ang tugtog, magsabi ng isang hayop, at gagayahin ng lahat ang hayop na iyon

Memory game.

- Sasabihin ng unang tao, "Kapag natapos ang COVID-19 lockdown, pupunta ako... (sa parke o labasan)"
- Idadagdag ng pangalawa sa sinabi ng unang tao, "Kapag natapos ang COVID-19 lockdown, pupunta ako sa parke at ... (bibisitahin ang matalik kong kaibigan)"
- Magdadagdag ang bawat isa habang nag-iisip nang masasayang gagawin kapag natapos na ang COVID-19.
- Maari mong ibahin ang mga senaryo sa susunod (e.g. kapag nakita ang mga kaibigan)

Pagkanta

- Nakakatulong sa laguange development ng iyong anak ang pagkanta
- Magpatugtog o kumanta, at ang unang makahula nito ang magiging sunod na lider
- Gumawa ng kanta tungkol sa paghuhugas ng kamay o physical distancing. Dagdagan ito ng dance steps!



I-click ang mga links sa ibaba para sa iba pang impormasyon:

[Tips mula sa WHO](#)

[Tips mula sa UNICEF](#)

[Ibang mga wika](#)

[Mga Pag-aaral toilet paper](#)